7

# Gawaing Pampagkatuto Sa Filipino

Kuwarter 4

Aralin

1

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Sagutang Papel sa sa Filipino 7**
**Kwarter 4: Aralin 4 (para sa Ikaapat na Linggo)**
**TP 2024-2025**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Leo A. Tolentino (Vicente P. Trinidad National High School – Valenzuela City)

**Tagasuri**

- Joel Costa Malabanan (Philippine Normal University – Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute of Teacher Quality
SiMMER National Research Center

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino | **Kwarter** | 4 |
| **Bilang ng Aralin** | 4 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Obra: Ibong Adarna (Saknong 443-729) | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Gawain Bilang 1:** Linang Basa (40 minuto)

II. **Layunin:** Natutukoy ang mga mahahalagang pangyayari sa korido.

III. **Mga Kailangang Materyales:** papel at panulat

IV. **Panuto:** Ipabasa sa mga mag-aaral ang buod ng Ibong Adarna (Saknong 443-729). Ikahon ang mga mahahalagang pangyayari.

**Sa Bundok ng Armenya (443-476)**

Sa pagdating sa Bundok ng Armenya, napansin agad ni Don Juan ang kakaibang katangian ng lugar. Kaaya-aya ang tanawin at maraming punongkahoy na namumunga nang sagana. Sa pagbubukang-liwayway, maririnig ang huni ng mga ibon, malinis ang batisan at sariwa ang simoy ng hanging nalalanghap. Malayang nagliliparan ang mga ibon sa dapithapon, payapa ang langit sa magdamag at kaaya-aya ang araw sa pag-uumaga. Anupa't walang maipipintas sa lugar. Payapa ang lugar ng napakagandang kalikasan.

Dito nga tumira si Don Juan upang magsisi at magkubli sa inaakala niyang nagawang kasalanan. Sa lugar na ito natagpuan nina Don Pedro at Don Diego ang bunsong kapatid. Sa simula'y hinikayat ng dalawa ang kapatid na bumalik sa Berbanya ngunit nang lumaon ay napagpasyahan nila na sa lugar na iyon na tumuklas ng bagong pakikipagsapalaran. Sa pagdaan ng mga araw, puros pag-aaliw ang inatupag ng magkakapatid upang mamalas ang lalo pang kagandahan ng kagubatan at mga kabundukan. Subalit hindi pa sila nakuntento, kaya't lalo pang pasukin ang bahagi ng kabundukan at tuklasin ang lihim na natatago sa lugar.

**Ang Mahiwagang Balon (477-506)**

Katanghaliang tapat nang matagpuan ng magkakapatid ang isang balon. Malalim ito ngunit walang tubig. Malinis at naliligid ng mga halaman. Ang bunganga ay yari sa marmol na may mga gintong nakaukit. Sa paniwala nila'y may nagmamay-ari sa balon, ngunit wala namang makitang tao sa paligid. Nabanggit ni Don Juan na upang matuklasan ang hiwaga ng balon ay nais niyang bumaba sa ilalim nito. Gayon din ang nais nina Diego at Pedro, subalit may nanaig ang kagustuhan ng panganay na prinsipe.

Unang inihugos paibaba si Don Pedro, subalit nang nasa tatlumpung dipa na natakot at nagtantang na paitaas. Si Don Diego ang sumunod, ngunit naduwag din at nagpahila paitaas.

Pangatlong inihugos si Don Juan na halos sumuko na sa lalim ng balon na animo'y kadilimang walang katapusan.

**Si Donya Juana (507-566)**

Sa wakas ay narating din ni Don Juan ang ilalim ng balon. Natagpuan niya ng isang mahiwagang lugar. Kristal ang kanyang nilalakaran na bagaman at walang araw ay maliwanag ang kapaligiran. Malalago ang mga halaman at bulaklak na patungo sa isang palasyong yari sa ginto't pilak. Naisip ng prinsipe na ang lugar at mahiwaga at may engkantong namamahay roon. Lalo siyang nanggilalas nang makita si Donya Juana na agad bumihag sa kanyang puso. Noon di'y iniluhog niya sa dalaga ang kanyang nararamdamang pagsinta na kung hindi tatanggapin ay magdudulot umano ng kanyang kamatayan. Tumugon ang prinsesa sa damdamin ng prinsipe ngunit aniya ay kailangan muna nitong harapin ang bantay na higante sa kanyang palasyo.

Dumating ang higante upang kainin si Don Juan at nagbuno ang dalawa. Gamit ang kanyang espada ay bumagsak at nagapi ang higante. Matapos magtagumpay ay inaya niya si Donya Juana na sumama na at umakyat pabalik sa ibabaw ng balon. Subalit nakiusap ang dalaga na iligtas din muna ng prinsipe ang kanyang bunsong kapatid na si Donya Leonora mula sa serpiyenteng nagbabantay dito.

**Ang Serpiyente (567-650)**

Humayo si Don Juan upang tumungo sa palasyong kulungan ni Don Leonora. Agad na binalaan ng prinsesa si Don Juan patungkol sa serpiyenteng nagbabantay sa kanya. Halos itaboy niya ang prinsipe upang maiwas ito sa bangis ng kanyang bantay. Ngunit nahulog ang loob ng prinsipe sa angking kagandahan ng kanyang kaharap kaya't sa halip na umalis ay nahandang kalabanin ang serpiyente. Nahulog rin ang loob ng dalaga sa kanyang tagapagtanggol. Sa gitna ng kanilang pag-uusap ay dumating ang serpiyente at naghandang makipaglaban ang dalawa. Maliksi ang bawat ulos ng espada ng prinsipe kaya't naputol ang mga ulo nito. Subalit sa hiwagang taglay ng halimaw ay muling tumutubo ang mga ulo nito. Lalong malakas at mabangis kaysa una.

Umusal ang prinsipe ng panalangin upang mapagwagian ang mahirap na laban. Tumagal ng tatlong oras ang kanilang pagbubuno. Sa tagpong ito, inihagis ni Donya Leonora ang bote ng balsamo kay Juan. Aniya, kailangang ibuhos ito ng prinsipe sa bawat ulong mapuputol upang hindi na muling tumubo. Gayon nga ang nangyari, ganap na naputol ng prinsipe ang pitong ulo ng serpiyente. Umakyat ang prinsipe sa itaas ng balon, kasama ang mga prinsesang nailigtas mula sa mga mahihiwagang nilalang.

**Muling Pagtataksil (651-680)**

Sa muling pag-akyat ni Don Juan sa ibabaw ng balon, isinalaysay niya ang mga nangyari sa kanyang mga kapatid. Nang paalis na ay naalala ni Leonora na naiwan niya ang diyamanteng singsing sa ilalim ng balon kaya't sinabi naman ni Don Juan na babalikan niya ito. Dala ng inggit, nabuo kay Don Pedro ang masamang balak na muli ay pagtaksilan ang bunsong prinsipe. Habang inihuhugos paibaba si Don Juan, ay pinatid ni Don Pedro ang lubid kaya't bumagsak ito sa ilalim. Anong laking katampalasanan ang nasaksihan ng magkapatid na prinsesa. Ngunit wala silang nagawa kundi ang sumama at maging bihag nina Don Pedro at Don Diego.

**Hiling ng Prinsesa (681-729)**

Walang nagawa ang magkapatid, ngayo'y bihag na sila ng malulupit na prinsipe. Ngunit bago lumisan sa balon, ay binilinan niya ang kanyang alagang mahiwagang lobo na gamutin ang prinsipe at sabihing maghihintay ito sa kanyang pagbabalik. Samantala ay napanaginipan ni Haring Fernando na ang kanyang bunsong anak raw ay iginapos at binugbog saka inihulog sa bangin ng mga di niya nakilalang mga sukaban. Ito ay nagdulot ng malaking alalahanin sa hari. Nasa ganito siyang pag-iisip nang dumating sina Don Pedro kasama ang mga prinsesa. Sinalubong niya ang mga anak, na nagsalaysay ng mga kasinungalian kung papaano daw nila iniligtas ang dalawang prinsesa mula sa higante at serpiyente. Hindi raw nila natagpuan si Don Juan.

Hiniling ng ni Don Pedro na makasal kay Donya Leonora, samantalang si Don Diego naman ay sa kapatid nitong prinsesa. Agad na nakiusap si Donya Leonora sa hari at sinabing hindi niya ibig na makasal sapagkat siya ay may pitong taong panata sa kanyang yumaong mga magulang na siya ay mamuhay nang mag-isa. Pinagbigyan naman ang hari sa hiling ng prinsesa. Napapayag na rin naman si Don Pedro sa kundisyong matapos ang pitong taon, ay ikakasal sila. Ikinasal naman sina Don Diego at Donya Juana.

## V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak

Sagutin: Kailan masasabing MAHALAGA ang isang pangyayari sa isang akda?

________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino | **Kwarter** | 4 |
| **Bilang ng Aralin** | 4 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Obra: Ibong Adarna (Saknong 443-729) | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**Vi** **Gawain Bilang 2:** PIC-STORYA (30 minuto)

**Vii** **Layunin:** Napagsusunud-sunod ang mga pangyayari sa korido (saknong 443-729)

**Viii** **Kailangang Materyales**: Panulat

**Viv** **Panuto:** Sulatan ng bilang ang mga larawan ayon sa wastong pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari.

Humanda sa pagsasalaysay nito sa klase. Narito ang rubriks ng pagmamarka sa pag-uulat sa harap ng klase.

| **KRAYTERYA** | |
|---|---|
| Wastong ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari | **10 pts** |
| Malinaw na naisalaysay ng pangkat ang mga pangyayari | **10 pts** |
| Nailarawan ng pangkat ang tagpuan sa korido | **10 pts** |
| KABUUAN | **30 pts** |


**Pangkat 1:**

| | | |
|---|---|---|
|  |  |  |
| **A** | **B** | **C** |
|  |  | |
| **D** | **E** | |

**VI. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Sulatan ng maikling salaysay ng pangyayari ang ibaba ng kahon ng mga larawan. Gawing gabay ito sa inyong pag-uulat.

**Pangkat 2:**

| | | |
|---|---|---|
|  |  |  |
| **A** | **B** | **C** |
|  |  | |
| **D** | **E** | |

**V.Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Sulatan ng maikling salaysay ng pangyayari ang ibaba ng kahon ng mga larawan. Gawing gabay ito sa inyong pag-uulat.

**Pangkat 3:**

| | | |
|---|---|---|
|  |  |  |
| **A** | **B** | **C** |
|  |  | |
| **D** | **E** | |

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Sulatan ng maikling salaysay ng pangyayari ang ibaba ng kahon ng mga larawan. Gawing gabay ito sa inyong pag-uula.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino | **Kwarter** | 4 |

| Bilang ng Aralin | 4 | Petsa | |
|---|---|---|---|
| Pamagat ng Aralin / Paksa | Obra: Ibong Adarn (Saknong 443-729) | | |
| Pangalan: | | Baitang at Pangkat: | |

**I. Gawain Bilang 3:** SURING KORIDO (45 MINUTO)

**II. Layunin:** Nasusuri ang mahahalagang pangyayari ng teksto batay sa konteksto ng panahon, lunan, at may-akda

**III. Mga Kailangang Materyales:** papel at panulat

**IV. Panuto:**

**A. SURING LUGAR**

Itala ang mga tagpuan sa bawat bahagi ng araling ito sa Ibong Adarna. Papaano naapektuhan ng kalagayan ng lugar ang mga tauhan?

| Tagpuan | Paglalarawan | Epekto sa Tauhan |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

**SURING PANAHON**

Sagutin: Ano ang ipinapakitang kalagayan ng lipunan o kultura sa mga sumusunod?

| A. mayamang kalikasan ng Bundok Armenya |
| --- |
| |

| B. panliligaw ni Don Juan kay Prinsesa Juana |
| --- |
| |

| C. labis na inggit ni Don Pedro kay Don Diego dahil sa mga tagumpay na natamo ng kanilang kapatid |
| --- |
| |

| D. mahiwagang nilalang tulad ng higante at serpiyente |
| --- |
| |

| E. ikinulong ng mga halimaw sina Donya Juanan at Donya Leonora |
| --- |
| |

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino | **Kwarter** | 4 |
| **Bilang ng Aralin** | 4 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Obra: Ibong Adarna (Saknong 443-729) | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Gawain Bilang 4.:** SURING AWTOR (45 MINUTO)

II. **Layunin:** Nasusuri ang mahahalagang pangyayari ng teksto batay sa konteksto ng panahon, lunan, at may-akda

III. **Mga Kailangang Materyales:** papel at panulat

IV. **Panuto:**
Pumili ng isa sa ibibigay na mga pangyayari ng iyong guro. Isulat ito sa loob ng sobre pati ang ibig ipahiwatig ng manunulat sa mambabasa batay sa mga pangyayaring ito.



**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Kung iuugnay sa sarili mong buhay, ano ang maaaring kahalintulad ng pakikipaglaban ni Don Juan sa higante/serpiyente na bumihag sa mga prinsesa. Ipaliwanag.

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino | **Kwarter** | 4 |
| **Bilang ng Aralin** | 4 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Obra: Ibong Adarna (Saknong 443-729) | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Gawain Bilang 5:** LIKHANG POSTER (45 MINUTO)


II. **Layunin:** Nailalarawan ang tagpuan sa binasang akda**.**

III. **Mga Kailangang Materyales:** papel at panulat

IV. **Panuto:** Gumuhit ng poster/slogan sa isang short bond paper gamit ang mga sumusunod na gabay na panuto.

Balikan ang mga saknong sa akdang Ibong Adarna sa bahaging ito ng aralin. Isa-isahin ng mga mag-aaral sa klase ang paglalarawan sa kabundukan ng Armenya at sa mahiwagang balon.

Ang paksa ng poster ay "Ang Dalawang Tagpuan sa Bundok ng Armenya." Ipakita dito ang paghahambing ng lugar sa itaas at sa ilalim ng balon. Gamitin ang layout na nasa ibaba. Kulayan ang poster.




V. **Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Suriin ang likhang poster gamit ang mga gabay na tanong gamit ang rubriks sa talahanayan. Lagyan ng tsek ang kahon.

| | **Di-Gaano** | **Mainam** | **Mahusay** |
|---|---|---|---|
| Angkop / maayos ba ang mga kulay na ginamit sa poster? | | | |
| Balanse bang nailagay ang mga larawan/simbolo? | | | |
| Malinaw bang naipakita ang ideya o paksa ng poster? | | | |
| Angkop ba ang laki at hugis ng mga larawang iginuhit? | | | |

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Filipino | **Kwarter** | 4 |
| **Bilang ng Aralin** | 4 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Obra: Ibong Adarna (Saknong 443-729) | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Gawain Bilang 6:** Dugtong Tula (45 MINUTO)

II. **Mga Layunin:** Natutukoy ang mga mahahalagang pangyayari sa korido

a. Nailalahad ang konteksto ng binasang akda sa panahon ng mga Kastila at sa kasalukuyan.

III. **Mga Kailangang Materyales:** papel at panulat

IV. **Panuto**: Kumpletuhin ang saknong ng tula kaugnay ng aralin sa bahaging ito ng Ibong Adarna.

Ang gawain sa klase na aking naibigan,
Ay ang ___________________________,
Saka _______________________________,
At _________________________________.

Sa ating aralin aking nalaman,
Tungkol sa ______________________,
at paksang _____________________.

Kaya mula ngayon, aking tatandaan,
Na dapat _______________________.
Upang __________________________.

V. **Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

**Usapang GAD (Gender and Development)**

Sa Aral ng Katipunan na isinulat ni Emilio Jacinto, isa sa mahalagang nabanggit ay ang: *Ang babae ay huwag ituring na isang bagay na libangan lamang, kundi isang katuwang at karamay sa mga kahirapan nitong kabuhayan; gamitan mo nang buong pagpipitagan ang kanyang kahinaan, at alalahanin ang inang pinagbuhata't nag-iwi sa iyong kasanggulan.*

Tanong: Sa papapaanong paraan mo ito maiuugnay sa panliligaw ni Don Juan kay Donya Juana, kay Donya Leonora at maging kay Donya Maria Blanca? Sa kasalukuyan, papaano dapat tratuhin ng mga kalalakihan ang mga kababaihan? Ipaliwanag ang sagot sa pamamagitan ng organisadong mga pangungusap na hindi bababa sa anim (6).